Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VII - CENTRAL VISAYAS
DIVISION OF CITY SCHOOLS - TAGBILARAN CITY

**Office of the Schools**
**Division Superintendent**

DIVISION MEMORANDUM
No. 471 , s. 2023

October 20, 2023

**PANAWAGAN PARA SA PANUKALANG AKLAT**

Para sa mga : Pinuno ng mga Paaralan

1. Ang Tanggapang ito sa pangunguna ng Curriculum Implementation Division ay nakikiisa sa Komisyon sa Wikang Filipino sa pag-aanyaya sa lahat na magpasa ng panukalang aklat para sa **Aklat ng Bayan ng Komisyon sa Wikang Filipino**. Tatanggapin ang teknikal na mga akda, saliksik pangwika, malikhaing akdang pampanitikan na nakasulat sa Filipino at sa mga katutubong wika sa Pilipinas.

2. Layunin ng proyekto na palakasin pang higit ang paggamit ng wikang Filipino at mga katutubong wika ng Pilipinas at matipon ang mahahalagang akdang pumapaksa sa wika at kultura ng bansa na magagamit sa pag-aaral, pagtuturo, at pananaliksik ng mga estudyante, guro at iskolar

3. Isumite ang mga akda kasama ang pormularyo sa kwf-publikasyon@kwf.gov.ph.

4. Ang huling araw sa pagsusumite ay sa Disyembre 31, 2023

5. Para sa karagdagang impormasyon ay ang kalakip na mga panuntunan. Sa mga katanungan at paglilinaw ay maaring tumawag sa (02) 899-606-70 at hanapin si G. Evie Duclay o kaya ay mag email sa kwf-publikasyon@kwf.gov.ph

6. Hinihiling ang malawakang pagpalaganap nito.

**WILFREDA D. BONGALOS PhD, CESO V**
Schools Division Superintendent

Address: H. Zamora St., Dampas, Tagbilaran City, Bohol
Telephone Nos.: (038)427-1702; (038)427-2506; (038)422-8177
(038)427-6718; (038)544-2147
Email Address: tagbilarancity.division@deped.gov.ph

Kalakip

Mga Panuntunan

1. Maaring magsubmite ng aklat alinman sa sumusunod na paksa:

    - Diksiyonaryo
    - Koleksiyon ng mga saliksik sa araling kultural
    - Koleksiyon ng mga sa araling pagsasalin
    - Mga saliksik sa sosyolingguwistika, ponetika, ponolohiya, morpolohiya, pragmatika,sintaks, at sematika ng wikang Filipino at/o mga katutubong wika ng Pilipinas
    - Koleksiyon ng kritikal na pagsusuri ng mga akdang pamapanitikan
    - Koleksiyon ng mga maikling kuwento
    - Koleksiyon ng mga sanaysay
    - Koleksiyon ng mga dulang may isang yugto
    - Salin sa Filipino ng klasikong akdang nakasulat sa Filipino o Ingles o iba pang mga wika sa mundo ( ililimbag ng bilingguwal )
    - Teknikal na mga akdang nasusulat sa Filipino (batas, medisina, agrikultura, populasyon, edukasyon, disaster, financial literacy, urban planning, engineering, negosyo atbp.)

2. Orihinal at hindi pa nailatha o naipasa sa ibang publikasyon ang akda.
3. May kasamang sinagutang pormularyo ang isusumiteng mga akda na maakses sa https://drive.google.com/.../1 S0.../view...
4. Naka-encode sa word file ang isusumiteng mga akda. May 1.5 espasyo. Font style na Arial, at font size na 11.
5. Maglakip ng bionote ng( mga) may-akda. Isaad ang kasalukuyang posisyon, institusyon, espesyalisasyon, mga nailimbag na akda at saliksik.
6. Para sa mga saliksik, sanaysay, pagsusuring pampanitikan, at teknikal na akda, dapat taglay nito ang kompletong mga bahagi ng akda lakip ang sumusunod:

    - Introduksiyon
    - Talaan ng Nilalaman
    - Bibiyograpiya
    - Mga tala
    - Glosaryo
    - Bionote ng awtor, mga kontribyutor, editor, at katuwang na mga editor
    - Katibayan ng pahintulot mula sa lehitimong may-ari ng ginamit na mga guhit o larawan na may lakip na deskripsiyon

7. Para sa malikhaing akda, kompletong akda kalakip ang:

    - Introduksiyon
    - Talaan ng Nilalaman
    - Tala ng editor o tagasalin
    - Bionote ng awtor, editor, katuwang na mga editor, kontribyutor, at tagasalin
8. Kinakailangang nakaalinsunod sa mga tuntunin ng KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat ang isusumiteng panukalang aklat at sa estilo ng Chicago Manual of Style (CMOS) para sa mga tala, talababa, at bibliyograpiya
9. Sa pagsusumite gamit ang email, gamitin ang format na : **APELYIDO-GENRE-KWF-PUB2023 .** Halimbawa : REYES-SALIKSIK-KWF-PUB2023
10. Tanging ang mga nakapasa lamang sa ribyu ang makatanggap ng pabatid makalipas ang tatlumpung (30) araw matapos ang dedlayn. Ang karapatang-sipi ng lahat ng mga isinumiteng panukalang aklat ay mananatili sa mga may-akda.

## PANAWAGAN PARA SA PANUKALANG AKLAT

Inaanyayahan ang lahat na magpása ng panukalang aklat para sa Aklat ng Bayan ng Komisyon sa Wikang Filipino. Tatanggap ang patnugutan ng Aklat ng Bayan ng teknikal na mga akda, saliksik pangwika, malikhaing akdang pampanitikan na nakasulat sa Filipino at sa mga katutubong wika sa Pilipinas gaya ng Sebwano, Chavacano, Hiligaynon, Ilocano, Waray, Bikol, Kapampangan, Tausug, Mëranaw, Kinaray-a, Surigaonon, at iba pa. Bukás ang panawagan para sa lahat ng manunulat, editor, mananaliksik, at tagasalin sa Filipino at mga katutubong wika. Hinihikayat rin ang mga baguhang manunulat na magsumite.

Layon ng proyekto na palakasin pang higit ang paggamit ng wikang Filipino at mga katutubong wika ng Pilipinas. Gayundin, target nitóng matipon ang mahahalagang akdang pumapaksa sa wika at kultura ng bansa na magagamit sa pag-aaral, pagtuturo, at pananaliksik ng mga estudyante, guro, at iskolar.

Mga Panuntunan:

1. Maaaring magsumite ng aklat alinman sa sumusunod na paksa:
• Diksiyonaryo
• Koleksiyon ng mga saliksik sa araling kultural
• Koleksiyon ng mga saliksik sa araling pagsasalin
• Mga saliksik sa sosyolingguwistika, ponetika, ponolohiya, morpolohiya, pragmatika, sintaks, at semantika ng wikang Filipino at/o mga katutubong wika ng Pilipinas
• Koleksiyon ng kritikal na pagsusuri ng mga akdang pampanitikan
• Koleksiyon ng mga maikling kuwento
• Koleksiyon ng mga sanaysay
• Koleksiyon ng mga dulang may isang yugto
• Salin sa Filipino ng klasikong akdang rehiyonal (ililimbag na bilingguwal)
• Salin sa katutubong wika ng klasikong akdang nakasulat sa Filipino o Ingles o iba pang mga wika sa mundo (ililimbag nang bilingguwal)
• Teknikal na mga akdang nasusulat sa Filipino (batas, medisina, agrikultura, populasyon, edukasyon, disaster, financial literacy, urban planning, engineering, negosyo, etc.)

2. Orihinal at hindi pa nailathala o naipása sa ibang publikasyon ang akda.

3. May kasámang sinagutang pormularyo ang isusumiteng mga akda. Maaakses ang

pormularyo sa link na ito:
https://drive.google.com/.../1_S0.../view...

4. Naka-encode sa word file ang isusumiteng mga akda, may 1.5 espasyo, font style na Arial, at font size na 11.

5. Maglakip ng bionote ng (mga) may-akda. Isaad ang iyong kasalukuyang posisyon, institusyon, espesyalisasyon, mga nailimbag na akda at saliksik.

6. Isumite ang mga akda kasáma ang pormularyo sa kwf-publikasyon@kwf.gov.ph.

7. Para sa mga saliksik, sanaysay, pagsusuring pampanitikan, at teknikal na akda, dapat taglay nitó ang kompletong mga bahagi ng isusumiteng akda lakip ang sumusunod:

- Introduksiyon
- Talaan ng Nilalaman
- Bibliyograpiya
- Mga talâ
- Glosaryo
- Bionote ng awtor, mga kontribyutor, editor, at katuwang na mga editor
- Katibayan ng pahintulot mulâ sa lehitimong may-ari ng ginamit na mga guhit o larawan na may lakip na deskripsiyon

9. Para sa mga malikhaing akda, kompletong akda kalakip ang:

- Introduksiyon
- Talaan ng nilalaman
- Talâ ng editor o tagasalin
- Bionote ng awtor, editor, katuwang na mga editor, kontribyutor, at tagasalin

10. Kinakailangang nakaalinsunod sa mga tuntúnin ng KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat ang isusumiteng panukalang aklat at sa estilo ng Chicago Manual of Style (CMOS) para sa mga talâ, talababâ, at bibliyograpiya.

11. Sa pagsusumite gámit ang email, gamítin ang format na: APELYIDO-GENRE-KWF-PUB2023

Halimbawa: REYES-SALIKSIK-KWF-PUB2023

12. Sa 31 Disyembre 2023 ang hulíng araw ng pagsusumite. Para sa mga karagdagang impormasyon, tanong, at/o paglilinaw, maaaring tumawag sa (02) 899-606-70 at hanapin si G. Evie Duclay o kayâ ay mag-email sa kwf-publikasyon@kwf.gov.ph.

13. Tanging ang mga nakapasá lámang sa ribyu ang makatatanggap ng pabatid makalipas ang tatlumpung (30) araw matapos ang dedlayn. Ang karapatang-sipi ng lahat ng mga isinumiteng panukalang aklat ay mananatili sa mga may-akda.